

**ANG INYONG  
PARTNER SA  
KALUSUGAN**

**Partnership HealthPlan of California  
Drug Medi-Cal Organized Delivery System  
Handbook sa Kalusugan at Paggaling**

**Taon ng Kalendaryo 2024**

**Wellness &  
Recovery**  
HOPE IS HERE

# Iba Pang Wika at Format

## Iba Pang Wika

Makukuha mo ang Handbook ng Benepisyaryo na ito at ang iba pang materyal ng plano sa iba pang wika nang wala kang babayaran. Nagbibigay kami ng mga nakasulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tagapagsalin. Tumawag sa Partnership sa (800) 863-4155 (TTY: 711). Libre ang pagtawag. Basahin ang Handbook ng Benepisyaryo na ito upang matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin.

## Iba Pang Format

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, malalaking titik na 20 ang laki ng font, audio, at mga na-access na elektronikong format nang wala kang babayaran. Tumawag sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711). Libre ang pagtawag.

## Mga Serbisyo ng Interpreter

Nagbibigay ang Partnership ng mga serbisyo ng oral na interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, nang 24 na oras at wala kang babayaran. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin pinapayo ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban na lang kung isa itong emergency. Available ang mga serbisyo ng interpreter at serbisyong pangwika at pangkultura nang wala kang babayaran.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa (800) 863-4155 o sa mga serbisyo ng interpreter sa (844) 333-3095 (o sa 711). Libre ang pagtawag.

**Tagline sa Ingles**

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). These services are free of charge.

**الشعار بالعربية (Arabic)**

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برييل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). هذه الخدمات مجانية.

**Հայերեն պիտակ (Armenian)**

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Այդ ծառայություններն անվճար են:

**ខ្មែរសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)**

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពផ្គុំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**简体中文标语 (Chinese)**

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-863-4155

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

(TTY: 1-800-735-2929). 另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)。这些服务都是免费的。

### **فارسی زبان به مطلب (Farsi)**

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

### **हिंदी टैगलाइन (Hindi)**

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। ये सेवाएं निःशुल्क हैं।

### **Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)**

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

### **日本語表記 (Japanese)**

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

### **한국어 태그라인 (Korean)**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

서비스도 이용 가능합니다. 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

### **ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)**

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໃຫ້ເທບາດ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິດຕິພາບໃຫຍ່ໃຫ້ໃຫ້ເທບາດ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

### **Mien Tagline (Mien)**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

### **ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

### **Русский слоган (Russian)**

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия TTY: 1-800-735-2929). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия TTY: 1-800-735-2929). Такие услуги предоставляются бесплатно.

### **Mensaje en español (Spanish)**

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Estos servicios son gratuitos.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

### **Tagline sa Tagalog**

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Libre ang mga serbisyong ito.

### **แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่างๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

### **Примітка українською (Ukrainian)**

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Ці послуги безкоштовні.

### **Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Các dịch vụ này đều miễn phí

# Abiso Ukol sa Hindi Pandidiskrimina

**Labag sa batas ang pandidiskrimina. Sumusunod ang Partnership sa mga Pang-estado at Pederal na batas sa mga karapatang sibil. Hindi nagsasagawa ang Partnership ng labag sa batas na pandidiskrimina, pagsasantabi sa mga tao, o pagtrato sa kanila nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa katawan, medikal na kundisyon, impormasyon ng genes, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon. Nagkakaloob ang Partnership HealthPlan of California ng:**

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maayos, gaya ng:
  - ✓ Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - ✓ Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, braille, audio o mga naa-access na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - ✓ Mga kwalipikadong interpreter
  - ✓ Nakasulat na impormasyon sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Partnership sa pagitan ng 8 a.m.-5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (TTY (800) 735-2929) o 711. Kapag hiniling, maaaring gawing available ang dokumentong ito para sa iyo sa braille, malalaking titik, audio, o mga naa-access na elektronikong format.

## **PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN**

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Partnership ang mga serbisyong ito o nagsagawa ito ng labag sa batas na pandidiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa katawan, medikal na kundisyon, impormasyon ng genes, katayuan sa pag-aasawa, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Partnership. Maaari

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Partnership HealthPlan of California sa pagitan ng 8 a.m.-5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929 o sa 711.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Grievance  
4665 Business Center Drive,  
Fairfield, CA 94534



Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Grievance  
3688 Avtech Parkway  
Redding, CA 96002

- Personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o Partnership HealthPlan of California at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Elektronikong paraan: Bumisita sa website ng Partnership sa PartnershipHP.org

## **TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA**

Maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa (916) 440-7370. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**Department of Health Care Services**

**Office of Civil Rights**

**P.O. Box 997413, MS 0009**

**Sacramento, CA 95899-741**

Makukuha ang mga form ng reklamo sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>

- Elektronikong paraan: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org



**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA  
SERBISYO SA KALUSUGAN AT TAO NG U.S.**

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa telepono: Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY/TDD 1-800-537-7697.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**U.S. Department of Health and Human Services**

**200 Independence Avenue, SW Room**

**509F, HHH Building Washington, D.C.**

**20201**

Available ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal ng Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>

# Talaan ng Mga Nilalaman

Iba Pang Wika at Format.....	2
Abiso Ukol sa Hindi Pandiskrimina .....	7
Talaan ng Mga Nilalaman.....	10
1. Pangkalahatang Impormasyon .....	11
2. Mga Serbisyo.....	13
3. Paano Kumuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ....	23
4. Paano Kumuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.....	27
5. Mga Pamantayan sa Access at Medikal na Pangangailangan .....	29
6. Pagpili ng Provider .....	31
7. Ang Iyong Karapatang Ma-access ang Impormasyon sa Mga Medikal na Talaan at Direktoryo ng Provider Gamit ang Mga Smart Device.....	34
8. Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo .....	35
9. Mga Proseso sa Paglutas ng Problema.....	38
10. Ang Proseso ng Karaingan.....	40
11. Ang Proseso ng Apela (Karaniwan at Pinabilis).....	43
12. Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado .....	48
13. Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Programa ng Medi-Cal.....	52
14. Paunang Direktiba.....	56
15. Mga Karapatan at Responsibilidad ng Benepisyaryo.....	58
16. Kahilingan sa Paglipat ng Pangangalaga.....	62

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

# 1. Pangkalahatang Impormasyon

## **Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?**

Mahalagang nauunawaan mo kung paano gumagana ang Partnership Drug Medi-Cal Organized Delivery System para makuha mo ang pangangalagang gusto mo. Ipinaliwanag sa handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano kumuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga tanong.

Malalaman mo ang sumusunod:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder sa pamamagitan ng Partnership
- Anong mga benepisyo ang mayroon kang access
- Ano ang dapat gawin kung mayroon kang tanong o problema
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang benepisyaryo ng Partnership

Kung hindi mo babasahin itong handbook ngayon, dapat mong itabi ang handbook na ito upang basahin sa ibang pagkakataon. Gamitin ang handbook na ito bilang karagdagan sa handbook ng benepisyaryo na natanggap mo nang magpatala ka sa iyong kasalukuyang benepisyo sa Medi-Cal. Ang iyong benepisyo sa Medi-Cal ay maaaring sa isang plano sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o sa regular na programang “Fee for Service” ng Medi-Cal.

## **Bilang benepisyaryo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, ang Partnership ang responsable sa:**

- Pagpapasya kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa access para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership mula sa network ng provider ng Partnership.
- Pagkoordinang iyong pangangalaga sa iba pang plano o delivery system kung kinakailangan upang mapabilis ang mga paglipat ng pangangalaga at gabay na referral para sa mga benepisyaryo, na tumitiyak na sarado ang referral loop, at tinatanggap ng bagong provider ang pangangalaga ng benepisyaryo.
- Pagbibigay ng toll-free na numero ng telepono na nasasagot nang 24 na oras bawat araw at 7 araw bawat linggo para masabi sa iyo ang tungkol sa kung paano kumuha ng mga serbisyo mula sa Partnership Drug Medi-

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

Cal Organized Delivery System. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Partnership sa (800) 863-4155 upang hilingin ang availability ng pangangalaga pagkatapos ng oras ng trabaho.

- Pagkakaroon ng mga sapat na provider na malapit sa iyo upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagpapaalam at pagtuturo sa iyo ng tungkol sa mga serbisyong makukuha sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o ng interpreter (kung kinakailangan) nang libre at pagpapaalam sa iyo na makukuha ang mga serbisyo ng interpreter na ito.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang makukuha mo sa iba pang wika o format.
- Pagbibigay sa iyo ng abiso tungkol sa anumang mahalagang pagbabago sa impormasyon na tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng bisa ng pagbabago.
  - Ituturing na makabuluhan ang isang pagbabago kapag mayroong pagtaas o pagbaba sa halaga o uri ng mga serbisyong magagamit, o kung mayroong pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga provider sa network, o kung may anupamang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyo na natatanggap mo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.
- Pagtiyak na mayroon kang nagpapatuloy na access sa iyong dati at kasalukuyang provider na wala sa network sa loob ng partikular na panahon kung magdudulot ng panganib sa iyong kalusugan o pagtaas ng posibilidad ng pagkaospital mo ang pagpapalit ng mga provider.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

## 2. Mga Serbisyo

### **Ano ang Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may kundisyon sa substance use o, sa ilang sitwasyon, ay may posibilidad na magkaroon ng kundisyon sa substance use na maaaring hindi magagamot ng isang pediatrician o general practitioner. Maaari kang sumangguni sa seksyon ng “Mga Serbisyo ng Pag-screen, Maikling Pamamagitan, Referral sa Paggamot at Maagang Pamamagitan” ng abisong ito para sa karagdagang impormasyon.

Kabilang sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa county ang:

- Mga Pang-outpatient na Serbisyo ng Paggamot
- Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo ng Paggamot
- Mga Residensyal/Pang-inpatient na Serbisyo ng Paggamot
- Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Paghinto
- Mga Serbisyo sa Narcotic Treatment Program
- Mga Serbisyo sa Paggaling
- Mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan
- Mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga

Makukuha ang mga serbisyonang iniaalok ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership sa pamamagitan ng telepono o telehealth, maliban sa mga medikal na pagsusuri para sa mga Serbisyo sa Narcotic Treatment at Pamamahala ng Paghinto. Kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa bawat serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na maaari mong magamit, tingnan ang mga paglalarawan sa ibaba:

### **Mga Pang-outpatient na Serbisyo ng Paggamot**

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo ng pagpapayo sa mga benepisyaryo sa loob ng hanggang siyam na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang anim na oras kada linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang kung medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa medikal na

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

pangangailangan ng indibidwal. Maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa alinmang angkop na lugar sa komunidad nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth.

- Kabilang sa mga Pang-outpatient na Serbisyo ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, family therapy, mga serbisyo sa gamot, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa alcohol use disorder at iba pang non-opioid substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis sa substance use disorder.

### **Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo**

- Ipinagkakaloob ang Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo sa mga benepisyaryo sa minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras bawat linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras na may maximum na 19 na oras bawat linggo para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Pangunahing binubuo ang mga serbisyo ng pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga problema na may kaugnayan sa adiksiyon. Maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang organisadong kapaligiran. Maaaring ibigay ang Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo ng Paggamot nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kabilang sa Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo ang mga parehong kasama sa Mga Pang-outpatient na Serbisyo. Ang mas maraming oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.

### **Residensyal na Paggamot (napapailalim sa awtorisasyon ng county)**

- Ang Residensyal na Paggamot ay isang hindi pang-institusyon, 24 na oras na non-medical na panandaliang residensyal na programa na nagkaloob ng mga serbisyong panrehabilitasyon sa mga benepisyaryo na na-diagnose na may substance use disorder kapag napagpasyahan na medikal na kinakailangan ito. Nakatira dapat ang benepisyaryo sa mga pasilidad at susuportahan siya sa mga pagsisikap niyang makabalik sa, mapanatili, at magamit ang mga interpersonal at independiyenteng kasanayan sa pamumuhay, at ma-access ang mga sistema ng suporta sa komunidad. Ang karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, maaari ding gamitin ang telehealth at telepono para

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

makapagbigay ng mga serbisyo habang nasa residensyal na paggamot ang isang tao. Magkakasamang nagtutulungan ang mga provider at residente upang matukoy ang mga hadlang, maitakda ang mga priyoridad, maisagawa ang mga mithiin, at malutas ang mga problemang nauugnay sa substance use disorder. Kabilang sa mga mithiin ang pagpapanatili ng pagpipigil, paghahanda para sa mga nagpapasimula ng pag-ulit, pagpapabuti ng personal na kalusugan at pakikisalamuha, at paglahok sa nagpapatuloy na pangangalaga.

- Nangangailangan ang mga residensyal na serbisyo ng paunang awtorisasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.
- Kasama sa mga Residensyal na Serbisyo ang paggamit at pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo ng grupo, family therapy, mga serbisyo ng medikasyon, Mga Medikasyon para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Medikasyon para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa alcohol use disorder at non-opioid substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis sa substance use disorder.
- Ang mga provider ng Residensyal na Serbisyo ay kinakailangang mag-alok ng mga medikasyon para sa paggamot sa adiksiyon nang direkta sa lugar o magpadala ng pag-access sa mga medikasyon para sa paggamot ng adiksiyon sa labas ng site sa panahon ng residensyal na paggamot. Hindi natutugunan ng mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo ang kinakailangang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa mga medikasyon para sa mga provider ng paggamot ng adiksiyon. Kinakailangan ng mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo na mag-alok at magreseta ng mga medikasyon sa mga benepisyaryong saklaw sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

### **Mga Pang-inpatient na Serbisyo sa Paggamot** (napapailalim sa awtorisasyon sa pamamagitan ng Partnership)

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Ibibigay ang mga serbisyong pang-inpatient nang 24 na oras na nagbibigay ng pagsusuri, pagmamasid, medikal na pagsubaybay, at paggamot ng adiksiyon na iniuutos ng propesyonal sa kapaligirang pang-inpatient. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunman, maaari ding gamitin ang telehealth at telepono para makapagbigay ng mga serbisyo habang nasa paggamot na pang-inpatient ang isang tao.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

- Ang mga serbisyong pang-inpatient ay lubhang organisado at malamang na available ang isang doktor sa lugar nang 24 na oras araw-araw, kasama ng mga Rehistradong Nars, mga tagapayo sa adiksiyon, at iba pang tauhan ng klinika. Kasama sa mga Pang-inpatient na Serbisyo ang pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, family therapy, mga serbisyo ng medikasyon, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa Alcohol use disorder at iba pang non-opioid substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis sa substance use disorder.

### **Narcotic Treatment Program**

- Ang Narcotic Treatment Program ay mga pang-outpatient na programa na nagbibigay ng mga gamot na aprubado ng FDA para gamutin ang mga substance use disorder kapag iniutos ng doktor na medikal na kinakailangan. Kinakailangan ang mga Narcotic Treatment Program para makapag-alok at makapagreseta ng mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw sa ilalim ng pormularyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Kailangang mag-alok sa benepisyaryo ng hindi bababa sa 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo sa bawat buwan ng kalendaryo. Ang mga serbisyo sa pagpapayo na ito ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kasama sa mga Serbisyo ng Narcotic Treatment ang pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, family therapy, mga serbisyo ng medikasyon, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa alcohol use disorder at iba pang non-opioid substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis sa substance use disorder.

### **Pamamahala ng Paghinto**

- Pang-akaran ang mga serbisyo ng pamamahala sa paghinto at ibinibigay ang mga ito sa loob ng maikling panahon. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa Pamamahala ng Paghinto bago makumpleto ang buong pagtatasa at maaari itong ibigay sa isang pang-outpatient, residensyal, o pang-inpatient na setting.
- Anuman ang uri ng setting, susubaybayan ang benepisyaryo sa proseso ng pamamahala ng paghinto. Nakatira dapat sa pasilidad ang mga benepisyaryong tumatanggap ng pamamahala ng paghinto sa isang residensyal o pang-inpatient

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



na setting. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyong panghabilitasyon at panrehabilitasyon ay inirereseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagreseta.

- Kasama sa mga Serbisyo ng Pamamahala ng Paghinto ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, mga serbisyo ng medikasyon, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa alcohol use disorder at iba pang non-opioid substance use disorder, pagmamasid, at mga serbisyo sa paggaling.

### **Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon**

- Makukuha ang Mga Serbisyo ng Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa mga clinical at nonclinical na setting. Kasama sa Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon ang lahat ng gamot na aprubado ng FDA, at mga biological na produkto para gamutin ang alcohol use disorder, opioid use disorder, at anumang substance use disorder. May karapatan ang mga benepisyaryo na maalok ng mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa lugar o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Ang listahan ng mga aprubadong gamot ay kinabibilangan ng:
  - Acamprosate Calcium
  - Buprenorphine Hydrochloride
  - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
  - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
  - Naloxone Hydrochloride
  - Naltrexone (oral)
  - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
  - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
  - Disulfiram (Antabuse)
  - Methadone (ibinigay sa pamamagitan ng mga Programa sa Narcotic Treatment)
- Maaaring ibigay ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon kasama ng mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, family therapy, mga serbisyo ng medikasyon, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis sa substance use disorder, at mga serbisyo sa pamamahala ng paghinto. Maaaring ibigay ang Mga Medikasyon para sa Paggamot ng Adiksiyon bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi- Cal Organized Delivery System, kabilang halimbawa ang Mga Pang-Outpatient na Serbisyo ng Paggamot, Mga Intensive na Pang-outpatient na Serbisyo, at

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

#### Residensyal na Paggamot.

- Maaari ding ma-access ng mga benepisyaryo ang mga Medikasyon para sa Paggamot ng Adiksiyon sa labas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership. Halimbawa, ang mga medikasyon para sa paggamot sa adiksiyon, tulad ng buprenorphine, ay maaaring ireseta ng ilang tagapagreseta sa setting ng pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong Medi-Cal Managed Care Plan (ang regular na programa ng Medi-Cal na “Fee for Service”) at maaaring ibigay ang mga ito sa isang parmasya.

### **Mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan**

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Ang mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan ay mga serbisyong pang-indibidwal at panggrupo sa naaangkop na kultura at nagsusulong ng paggaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikipagkapwa, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagpapaunlad ng mga likas na suporta, at pagtukoy ng mga kalakasan sa pamamagitan ng mga organisadong aktibidad. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa iyo o sa (mga) nakatalagang malapit na sumusuportang tao sa iyo at matatanggap ang mga ito sa parehong panahon na natatanggap mo ang iba pang serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Specialist sa Mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan ay isang indibidwal na may karanasan sa pamumuhay nang may mga kundisyon sa kalusugan ng isip o substance use at nagpapagaling, na nakakumpleto sa mga kinakailangan sa certification program ng Partnership na aprubado ng Estado, sertipikado ng Partnership, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng pangangasiwa ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, waived, o nakarehistro sa Estado.
- Kasama sa mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan ang mga pang-indibidwal at panggrupong pagtuturo, mga grupong nagtuturo ng pagbuo ng kasanayan, pag-navigate sa resource, mga serbisyo ng paglahok para hikayatin kang sumali sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga aktibidad na therapeutic, tulad ng pagsusulong ng pagtataguyod sa sarili.

### **Mga Serbisyo sa Paggaling**

- Maaaring mahalaga ang mga Serbisyo sa Paggaling sa iyong paggaling at kalusugan. Makatutulong sa iyo ang mga serbisyo sa paggaling na kumonekta sa

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

komunidad ng paggamot para pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Kung kaya naman, binibigyang-diin sa serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pamamahala ng kalusugan mo, gamit ang mga epektibong estratehiya sa suporta sa pamamahala sa sarili, at pag-aayos ng mga internal na resource at resource sa komunidad upang makapagbigay ng tuloy-tuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.

- Maaari kang makatanggap ng mga Serbisyo sa Paggaling batay sa iyong pagtatasa sa sarili o pagtatasa ng provider sa panganib ng pagbalik sa dati. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa telehealth, o sa telepono.
- Kabilang sa mga Serbisyo sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo na panggrupo, family therapy, pagsubaybay sa paggaling, at mga bahagi ng pag-iwas sa pagbalik sa dati.

### **Koordinasyon ng Pangangalaga**

- Ang mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga sa substance use disorder, pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, at medikal na pangangalaga, at para magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ibinigay ang Koordinasyon ng Pangangalaga kasama ng lahat ng serbisyo at maaari itong ibigay sa mga klinikal o hindi klinikal na setting, kabilang ang sa iyong komunidad.
- Kasama sa mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ang koordinasyon sa mga provider ng medikal na kalusugan at kalusugan ng pag-iisip para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpapalano sa paglabas ng ospital, at koordinasyon ng mga pantulong na serbisyo kasama ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabase sa komunidad gaya ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

### **Pag-screen, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan at Referral sa Paggamot**

Ang Pag-screen para sa Pag-inom ng Alak at Paggamit ng Droga, Pagtatasa, Mga Maikling Pamamagitan at Referral sa Paggamot ay hindi benepisyong ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Isa itong benepisyong ng Medi-Cal Fee-for-Service at sistema ng paghahatid ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal para sa mga benepisyaryong may edad na 11 taong gulang pataas. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magbigay ng mga saklaw na serbisyo para sa substance use disorder, kabilang ang pag-screen sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga, pagtatasa, maikling pamamagitan at referral sa paggamot (SABIRT) para sa mga

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

---

benepisyaryong may edad na 11 taong gulang pataas.

### **Mga Serbisyo ng Maagang Pamamagitan**

Ang mga serbisyo ng maagang pamamagitan ay saklaw na serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang na na-screen at natukoy na may posibilidad na magkaroon ng substance use disorder ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng pang-outpatient na antas ng serbisyo bilang mga serbisyo ng maagang pamamagitan. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng substance use disorder para sa mga serbisyo ng maagang pamamagitan para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang.

### **Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot**

Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay kwalipikadong makakuha ng mga serbisyong inilarawan sa unang bahagi ng handbook na ito pati na rin ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot.

Para maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot, dapat ay wala pang 21 taong gulang ang benepisyaryo at mayroon siyang ganap na saklaw ng Medi-Cal. Sinasaklaw ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para maiwasto ang o makatulong sa mga depekto at kondisyon ng pisikal na kalusugan at pag-uugali. Isinasaalang-alang ang mga serbisyong umaalalay, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kondisyon para makatulong sa kondisyong ito at sinasaklaw ito ng mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot. Ang mga pamatayan sa pag-access para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay naiiba at mas naiaangkop kaysa sa mga pamantayan sa pag-access para sa mga nasa hustong gulang na nag-a-access ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, upang matugunan ang kinakailangan sa Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot at ang layunin para sa pag-iwas at maagang pag-iwas sa mga kundisyon ng substance use disorder.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership sa (800) 863-4155 o bumisita sa webpage ng DHCS para sa Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/home.aspx>

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

### **Available ang Mga Serbisyo sa Substance Use Disorder mula sa Mga Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga o “Regular” Medi-Cal “Fee for Service” Program”**

Dapat magbigay ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng mga saklaw na serbisyo para sa substance use disorder, kabilang ang pag-screen sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga, pagtatasa, maiikling pamamagitan at referral sa paggamot (SABIRT) para sa mga benepisyaryong may edad na 11 pataas, kabilang ang mga buntis na miyembro, sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at pag-screen sa paggamit ng tabako, alak, at ipinagbabawal na gamot. Dapat ding magbigay o magsaayos ang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng probisyon ng mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon (kilala bilang Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital na pang-inpatient, mga departamento na pang-emergency, at iba pang kinontratang medikal na setting.

Dapat ding magbigay ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan upang ma-stabilize ang benepisyaryo, kabilang ang boluntaryong pang-inpatient na detoxification.

### **Karagdagang Impormasyong Partikular sa County**

Saan ka mang county nakatira, matutulungan ka ng Partnership na makakuha ng mga serbisyo sa paggamot sa substance use disorder. Upang kumuha ng mga serbisyo sa paggamot ng substance use disorder, tumawag sa:

- Butte County: (530) 891-2810
- Colusa County: (888) 793-6580
- Del Norte County: (707) 464-3191
- Glenn County: (800) 507-3530
- Lake County: (707) 274-9101
- Marin County: (888) 818-1115
- Napa County: (707) 253-4063
- Nevada County: (888) 801-1437
- Placer County: (888) 886-5401
- Plumas County: (800) 757-7898
- Sierra County: (530) 993-6746
- Sonoma County: (707) 565-7450
- Sutter County: (530) 822-7200
- Tehama County: (800) 240-3208
- Trinity County: (530) 623-1362
- Yolo County: (888) 965-6647
- Yuba County: (530) 822-7200

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, at Solano County: Tumawag sa Carelon Behavioral Health sa (855) 765-9703.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

# 3. Paano Kumuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System

## Paano ako kukuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot ng substance use disorder, makakakuha ka ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mismong paghingi mo nito sa Partnership. Maaari kang tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng Partnership na nakalista sa harap ng handbook na ito. Maaari ka ring i-refer sa county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership para sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder sa iba pang paraan.

Iniaatas sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na tumanggap ng mga referral para sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder mula sa mga doktor, propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali, at iba pang provider ng pangunahing pangangalaga na may palagay na posibleng kailangan mo ang mga serbisyong ito at mula sa iyong plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal, kung isa kang benepisyaryo. Kadasalang kailangan ng iyong general practitioner o plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng isang bata upang magawa nila ang referral, maliban kung may emergency. Maaari ding gumawa ng mga referral ang iba pang tao at organisasyon sa county, kabilang ang mga paaralan; mga departamento para sa kapakanan ng county o mga serbisyong panlipunan; mga konserbator, tagapag-alaga o miyembro ng pamilya; at mga ahensya sa pagpapatupad ng batas.

Magagamit ang mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng provider ng Partnership. Kapag tumutol ang alinmang nakakontraatang provider sa pagsasagawa o kung hindi naman ay sa pagsuporta sa alinmang saklaw na serbisyo, maghahanap ang Partnership ng ibang provider na gagawa sa serbisyo. Hindi maaaring tanggihan ng Partnership ang kahilingan na magsagawa ng paunang pagtatasa upang matukoy kung

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

natutugunan mo ang mga pamantayan para ma-access ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

### **Saan ako makakakuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Kalahok ang Partnership sa programang Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Dahil residente ka ng Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, o Solano County, maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na hindi ibinibigay sa iyong county, isasaayos ng Partnership ang pagtanggap mo ng mga serbisyo sa labas ng county kapag kinakailangan at naaangkop. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ay may mga provider ng paggamot sa substance use disorder na magagamit upang gamutin ang mga kondisyon na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership. Ang iba pang county na hindi kasali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaaring magbigay ng mga sumusunod na serbisyo ng Drug Medi-Cal:

- Intensive na Pang-outpatient na Paggamot
- Narcotic Treatment
- Pang-outpatient na Paggamot
- Perinatal Residential Substance Abuse Service (hindi kasama ang kuwarto at pagkain)

Kung wala ka pang 21 taong gulang, kwalipikado ka rin para sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot sa alinmang iba pang county sa estado.

### **Pangangalaga Matapos ang Oras ng Trabaho**

Tumawag sa Carelon Behavioral Health sa (855) 765-9703 para sa mga serbisyo sa substance use disorder. Available ang mga tauhan nang 24 na oras bawat araw 7 araw bawat linggo.

### **Paano ko malalaman kung kailangan ko ng tulong?**

Maraming tao ang nakakaranas ng mahihirap na pagsubok sa buhay at maaaring magkaroon ng mga problemang nauugnay sa substance use. Ang pinakamahalagang bagay na dapat ay may makukuhang tulong dito. Kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal, at sa palagay mo ay maaaring kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng pagtatasa mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership para matiyak ito dahil kasalukuyan kang naninirahan sa isang kalahok na county sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



### **Paano ko malalaman kung kailangan ng tulong ng isang bata o tinedyer?**

Maaari kang makipag-ugnayan sa Partnership para sa isang pagtatasa para sa iyong anak o tinedyer kung sa palagay mo ay nagpapakita siya ng alinman sa mga palatandaan ng substance use. Kung kwalipikado ang iyong anak o tinedyer para sa Medi-Cal at ipinahihiwatig sa pagtatasa na kinakailangan ang mga serbisyo ng paggamot sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak na sinasaklaw ng Partnership, isasaayos ng Partnership ang pagtanggap ng iyong anak o tinedyer ng mga serbisyo.

### **Saan ako kukuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Dapat masunod ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ang mga pamantayan sa oras ng appointment ng estado kapag mag-iiskedyul ng appointment para matanggap mo ang mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Dapat mag-alok sa iyo ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng appointment na sumusunod sa mga pamantayan sa oras ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi pang-agarang kahilingan para simulan ang mga serbisyo ng provider sa substance use disorder para sa outpatient at mga intensive na pang-outpatient na serbisyo.
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng iyong kahilingan para sa mga serbisyo sa Narcotic Treatment Program;
- Isang follow-up na hindi pang-agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang proseso ng paggamot para sa kasalukuyang substance use disorder, maliban sa ilang partikular na sitwasyon na tinukoy ng gumagamot sa iyong provider.

Gayunpaman, maaaring mas mahaba ang mga oras na ito kung natukoy ng iyong provider na medikal na kinakailangan at hindi makakasama sa iyong kalusugan ang mas mahabang paghihintay. Kung sinabi sa iyo na inilagay ka sa waitlist, at kung sa palagay mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang haba ng paghihintay, makipag-ugnayan sa Partnership sa 1-800-863-4155. May karapatan kang maghain ng karaingan kung hindi ka nakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng karaingan, mangyaring basahin ang seksyong "Ang Proseso sa Karaingan" ng handbook na ito.

### **Sino ang magpapasya kung anong mga serbisyo ang makukuha ko?**

May kinalaman ka, ang iyong provider, at ang Partnership sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Makikipag-usap sa iyo ang provider para sa serbisyo ng

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

substance use disorder, at sa pamamagitan ng pagtatasa niya, makakatulong siya sa pagrekomenda kung anong mga serbisyo ang naaangkop batay sa mga pangangailangan mo. Makakatanggap ka ng ilang serbisyo habang isinasagawa ng iyong provider ang pagtatasang ito.

Kung wala ka pang 21 taong gulang, dapat magbigay ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng mga medikal na kinakailangang serbisyo na makatutulong sa pagwasto o pagpapabuti ng kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip mo. Itinuturing na medikal na kinakailangan ang mga serbisyonng umaalalay, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.

# 4. Paano Kumuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

## Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Espesyalista sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. May mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at matanda sa bawat county. Kung wala ka pang 21 taong gulang, kwalipikado ka para sa karagdagang saklaw at mga benepisyos sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose at Paggamot.

Tutukuyin ng iyong plano sa kalusugan ng pag-iisip sa county kung nakakatugon ka sa mga pamantayan sa pag-access ng mga serbisyo ng espesyalista para sa kalusugan ng pag-iisip. Kung nakakatugon ka, ire-refer ka ng plano sa kalusugan ng pag-iisip sa isang provider ng kalusugan ng pag-iisip na tatasa sa mga pangangailangan mo para matukoy kung aling mga serbisyo ang inirerekomenda para maibigay ang mga kailangan mo. Maaari ka ring humiling ng pagtatasa mula sa iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga kung naka-enroll ka bilang benepisyaryo sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Kung matukoy ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga na natutugunan mo ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip, ire-refer ka ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga para makatanggap ng mga serbisyo mula sa plano sa kalusugan ng pag-iisip o tutulungan kang ilipat ang mga serbisyo mo mula sa plano ng pinamamahalaang pangangalaga papunta sa plano ng kalusugan ng pag-iisip. Walang maling paraan sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, na nangangahulugang maaari kang makatanggap ng mga non-specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga bilang karagdagan sa mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

pag-iisip. Maaari mong ma-access ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider ng kalusugan ng pag-iisip kung matutukoy ng provider mo na klinikal na naaangkop ang mga serbisyo para sa iyo at hangga't nakokoordina at hindi nadodoble ang mga serbisyong iyon.

### **Karagdagang Impormasyong Partikular sa County**

Para sa mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, tumawag sa Carelon sa (855) 765-9703 o sa lokal na ahensya para sa kalusugan ng pag-iisip ng county. Maa-access ng mga lokal na residente ang mga programa para sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang county sa:

- Humboldt County: (707) 445-7715
- Lake County: (707) 994-7090
- Lassen County: (530) 251-8108
- Mendocino County: (855) 838-0404
- Modoc County: (800) 699-4880
- Shasta County: (530) 225-5252  
(888) 385-5201 (Shingletown, Burney, Fall River Areas)
- Siskiyou County: (800) 842-8979
- Solano County: (707) 428-1131
- Butte County: (530) 538-7705 (Oroville)  
(530) 846-7305 (Gridley)
- Colusa County: (530) 458-0520
- Glenn County: (530) 865-6459 (Orland)  
(530) 934-6582 (Willows)
- Nevada County: (530) 265-1437
- Placer County: (916) 787-8808 (Roseville)  
(530) 889-7240 (Auburn)
- Plumas County: (530) 283-6307
- Sierra County: (530) 993-6746
- Sutter County: (530) 822-7200
- Tehama County: (800) 240-3208
- Yuba County: (530) 822-7200

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

# 5. Mga Pamantayan sa Pag-access at Medikal na Pangangailangan

## **Ano ang Mga Pamantayan sa Pag-access Para sa Saklaw ng Mga Serbisyo sa Paggamot sa Substance Use Disorder?**

Bilang bahagi ng pagpapasya kung kailangan mo ng mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder, makikipagtulungan ang Partnership sa iyo at sa iyong provider para pagpasyahan kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa pag-access para makatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ipinaliliwanag ng seksyong ito kung paano ginagawa ang desisyong iyon.

Makikipagtulungan sa iyo ang iyong provider para magsagawa ng pagtatasa para matukoy kung anong (mga) serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang pinakaangkop sa iyo. Dapat maisagawa ang pagtatasang ito nang harapan, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo habang isinasagawa ang pagtatasa. Pagkatapos makumpleto ng iyong provider ang pagtatasa, tutukuyin niya kung natutugunan mo ang mga sumusunod na pamantayan sa pag-access para makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership:

- Naka-enroll ka dapat sa Medi-Cal.
- Nakatira ka dapat sa isang county na kalahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership (Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, Solano).
- Dapat ay mayroon kang kahit isang diagnosis man lang mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders para sa isang Karamdaman na may Kaugnayan sa Substance at Adiksiyon (maliban sa mga Karamdamang may Kaugnayan sa Tabako at mga Karamdaman na Walang Kaugnayan sa Substance) o nagkaroon ka ng kahit isang diagnosis man lang mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders para sa mga karamdamang may Kaugnayan sa Substance at Adiksiyon bago makulong o sa panahon ng

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

pagkakakulong (maliban sa mga Karamdaman na may Kaugnayan sa Tabako at mga Karamdaman na Walang Kaugnayan sa Substance).

Maaaring makatanggap ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kapag natukoy ng isang provider na maiwawasto ng serbisyo ang o makakatulong ito sa maling paggamit ng substance sa isang substance use disorder, kahit na wala pang diagnosis. Kahit na hindi kalahok ang iyong tinitirhang county sa Drug Medi-Cal Organized Delivery system, kung wala ka pang 21 taong gulang, maaari mo pa ring matanggap ang mga serbisyong ito.

### **Ano ang Medikal na Pangangailangan?**

Ang mga serbisyong tatanggapin mo ay dapat medikal na kinakailangan at naaangkop para tugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas, medikal na kinakailangan ang serbisyo kapag naaangkop at kinakailangan ito upang protektahan ang iyong pamumuhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit. Para sa mga benepisyaryo na wala pang edad na 21, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung maiwawasto ng mga serbisyo ang o makakatulong ang mga ito sa maling paggamit ng substance, o substance use disorder. Isinasaalang-alang ang mga serbisyong umaalalay, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng maling paggamit ng substance o substance use disorder para makatulong sa kondisyon at sinasaklaw ang mga ito ng mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot.

## 6. Pagpili ng Provider

### **Paano ako makakahanap ng provider para sa Mga Serbisyo ng Paggamot sa Substance Use Disorder na kailangan ko?**

Maaaring magbigay ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng ilang limitasyon sa pagpipilian mo ng mga provider. Maaari mong hilingin na bigyan ka ng Partnership ng paunang pagpipilian na mga provider. Dapat ka ring payagan ng Partnership na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong magpalit ng mga provider, dapat kang payagan ng Partnership na pumili ng provider kung posible at naaangkop.

Kinakailangan ng Partnership na mag-post ng kasalukuyang direktoryo ng provider online. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng updated na direktoryo ng provider, bumisita sa website ng Partnership sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org) o tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng Partnership. Available ang kasalukuyang direktoryo ng provider sa elektronikong paraan sa website ng Partnership, o maaari kang makatanggap ng papel na kopya sa koreo sa pamamagitan ng paghiling.

Kung minsan pinipili ng mga kinontratang provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na hindi na magbigay ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System bilang provider ng Partnership, hindi na makipagkontrata sa Partnership, o hindi na tumanggap ng mga pasyente sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa sarili nilang pagpapasya o kapag hiniling ng Partnership. Kapag nangyari ito, dapat sikapin ng Partnership na makapagbigay ng nakasulat na abiso ng pagwawakas ng isang provider na nakakontra sa county sa loob ng 15 araw matapos matanggap o maibigay ang abiso ng pagwawakas, sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder mula sa provider.

Ang mga indibidwal na American Indian at Katutubo ng Alaska na kwalipikado para sa Medi-Cal at nakatira sa mga county na sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, ay makatatanggap din ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa pamamagitan ng mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian na mayroon ng kinakailangang sertipikasyon ng Drug Medi-Cal.

### **Kapag nakahanap na ako ng provider, masasabi ba ng Partnership sa provider kung anong mga serbisyo ang makukuha ko?**

May kinalaman ka, ang iyong provider, at ang Partnership sa pagpapasya sa kung anong

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership. Kung minsan, ipauubaya na ng Partnership sa iyo at sa provider ang pagdedesiyon. Sa ibang pagkakataon naman, maaaring hilingin ng Partnership sa iyong provider na ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit sa palagay ng provider ay kailangan mo ang serbisyo bago ito ibigay.

Dapat gumamit ang Partnership ng kwalipikadong propesyonal na magsasagawa ng pagsusuri. Tinatawag ang proseso ng pagsusuring ito na proseso ng awtorisasyon ng plano. Pinapayagan lang ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyo para sa mga residensyal at pang-inpatient na serbisyo (hindi kasama ang mga serbisyo sa pamamahala ng paghinto). Dapat sundin sa proseso ng awtorisasyon ng Partnership ang mga partikular na timeline. Para sa isang karaniwang awtorisasyon, dapat gumawa ng desisyon ang Partnership sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo.

Kung hihiling ka o ang iyong provider, o kung sa palagay ng Partnership mo ay makakabuti sa iyong kumuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong provider, maaaring palawigin ang timeline sa loob ng karagdagang 14 na araw sa kalendaryo. Ang isang halimbawa ng kung kailan makakabuti para sa iyo ang pagpapalawig ay kung sa palagay ng county ay magagawa nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kung may karagdagang impormasyon ang Partnership mula sa iyong provider at kakailanganin nitong tanggihan ang kahilingan kung wala ang impormasyong iyon. Kung palalawigin ng Partnership ang timeline, padadalhan ka ng Partnership ng nakasulat na abiso tungkol sa pagpapalawig.

Kung hindi magdedesiyon ang Partnership sa loob ng timeline na kinakailangan para sa isang karaniwan o pinabilis na kahilingan sa awtorisasyon, dapat kang padalhan ng Partnership ng Abiso Ukol sa Pagpapasya sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ang mga serbisyo at maaari kang maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humingi sa Partnership ng higit pang impormasyon tungkol sa proseso nito sa awtorisasyon.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Partnership sa isang proseso sa awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa Partnership o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyon ng Paglutas ng Problema.

### **Anong mga provider ang ginagamit ng aking Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership?**

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



Kung bago ka sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, makikita ang kumpletong listahan ng mga provider sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org) at naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga provider, mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder, at iba pang impormasyon na makakatulong sa iyong ma-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at pangwika na available mula sa mga provider. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga provider, tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng Partnership na makikita sa harap na seksyon ng handbook na ito.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

# 7. Ang Iyong Karapatang Ma-access ang impormasyon sa Mga Medikal na Talaan at Direktoryo ng Provider Gamit ang Mga Smart Device

Kinakailangan ng Partnership na gumawa at magpanatili ng ligtas na system nang sa gayon ay ma-access mo ang iyong mga talaan ng kalusugan at makahanap ka ng provider gamit ang mga karaniwang teknolohiya gaya ng computer, smart tablet, o mobile device. Tinatawag ang system na ito na Patient Access Application Programming Interface (API). Makikita sa website ng Partnership sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org). ang impormasyong dapat isaalang-alang sa pagpili ng aplikasyon upang ma-access ang iyong mga medikal na talaan at makapaghanap ng provider.

# 8. Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo

**Ano ang mga karapatan ko kung tinanggihan ng Partnership ang mga serbisyong gusto ko o sa palagay ko ay kailangan ko?**

Kung tinanggihan, nilimitahan, binawasan, inantala o winakasan ng Partnership ang mga serbisyo na gusto mo o pinaniniwalaan mong dapat mong makuha, may karapatan ka sa nakasulat na Abiso (tinatawag na “Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo”) mula sa Partnership. May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa pasya sa pamamagitan ng paghiling ng isang apela. Tinatalakay sa mga seksyon sa ibaba ang iyong karapatan sa isang Abiso at kung ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Partnership.

**Ano ang Hindi Pagbibigay ng Benepisyo?**

Nangangahulugan ang Hindi Pagbibigay ng Abiso ng alinman sa mga sumusunod na pagkilos na ginagawa ng Partnership:

- Pagtangi o limitadong awtorisasyon sa hinihiling na serbisyo, kabilang ang mga pagpapasyang nakabatay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, pagiging angkop, setting, o pagiging epektibo ng saklaw ng benepisyo.
- Pagbabawas, pagsususpende, o pagwawakas ng dating awtorisadong serbisyo. Pagtangi, sa kabuuan o bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Pagkabigong maibigay ang mga serbisyo nang napapanahon.
- Pagkabigong kumilos sa loob ng kinakailangang timeframe para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela (Kung naghain ka ng karaingan sa Partnership at hindi ka sinagot ng Partnership sa pamamagitan ng nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw. Kung maghahain ka ng apela sa Partnership at hindi sumagot sa iyo ang Partnership sa pamamagitan ng nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi ka nakatanggap ng sagot sa loob ng 72 oras.); o

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

- 
- ~~Pagtanggi sa kahilingan ng isang benepisyaryo na salungatin ang pananagutan sa pananalapi.~~

### **Ano ang Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo?**

Ang Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo ay isang sulat na ipapadala sa iyo ng Partnership kung nagpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o wakasan ang mga serbisyo na pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang pagtanggig sa pagbabayad ng isang serbisyo, pagtanggig batay sa pahayag na hindi saklaw ang mga serbisyo, o pagtanggig na para ang serbisyo sa maling delivery system, o pagtanggig sa isang kahilingan na salungatin ang pananagutan sa pananalapi. Ginagamit din ang Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo para sabihin sa iyo kung hindi nalutas sa takdang oras ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo nakuha ang mga serbisyo sa mga pamantayang timeline ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

### **Panahon ng Abiso**

Dapat ipadala ng Partnership ang abiso sa benepisyaryo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, pagsususpende, o pagbawas ng dating awtorisadong serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Dapat ding ipadala ng Partnership ang abiso sa benepisyaryo sa loob ng dalawang araw ng negosyo ng desisyon para sa pagtanggig sa pagbabayad o para sa mga desisyong nagreresulta sa pagtanggig, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng mga hinihiling na serbisyo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

### **Palagi ba akong makatanggap ng abiso ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo kapag hindi ko nakukuha ang mga serbisyong gusto ko?**

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo. Gayunpaman, kung hindi ka makatanggap ng abiso, maaari kang maghain ng apela sa Partnership o kung natapos mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kapag nakikipag-ugnayan ka sa Partnership, ilagay na hindi naibigay sa iyo ang benepisyo pero hindi ka nakatanggap ng abiso. Kasama sa handbook na ito ang impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig Information on how to file an appeal or request a State Fair Hearing is included in this handbook. Dapat ding makuha ang impormasyon sa opisina ng iyong provider.

### **Ano ang sasabihin sa akin ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo?**

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

Sasabihin sa iyo ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo ang:

- Ano ang ginawa ng Partnership na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahan na makuha ang mga serbisyo.
- Ang petsa na magkakabisa ang desisyon at ang dahilang pinagbatayan ng Partnership sa paggawa ng desisyon nito.
- Ang mga pang-estado o pederal na panuntunan na sinusunod ng Partnership nang gawin nito ang desisyon.
- Ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa ginawa ng Partnership.
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, talaan, at iba pang impormasyon na may kaugnayan sa desisyon ng Partnership.
- Paano maghain ng apela sa Partnership.
- Paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal bago ka makapaghain ng apela o makahiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong mga karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka ng desisyon sa Apela o Patas na Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung sasaklawin ba ng Medi-Cal ang mga gastos ng mga serbisyong ito.
- Kapag kailangan mong maghain ng iyong kahilingan sa Apela o Patas na Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

### **Ano ang dapat kong gawin kapag nakatanggap ako ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo?**

Kapag nakatanggap ka ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyong nasa abiso. Kung hindi mo nauunawaan ang abiso, matutulungan ka ng Partnership. Maaari ka ring magpatuloy sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na nahinto kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw sa kalendaryo matapos ang petsa na natatakan ng koreo ang Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo o personal na maibigay ito sa iyo, o bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

# 9. Mga Proseso sa Paglutas ng Problema

## **Paano kung hindi ko makuha ang mga serbisyong gusto ko mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System Plan ng Partnership?**

May paraan ang Partnership para maayos mo ang problema tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na natatanggap mo. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema at maaaring nauugnay dito ang mga sumusunod na proseso.

- **Ang Proseso ng Karaingan** – isang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan sa anumang bagay tungkol sa iyong mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder, bukod sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo.
- **Ang Proseso ng Apela** – isang pagsusuri ng pagpapasya (pagtangi, pagwawakas, o pagbawas ng mga serbisyo) na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder ng Partnership o ng iyong provider.
- **Ang Proseso ng Pagdinig ng Estado** – isang pagsusuri para tiyakin na natatanggap mo ang mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na karapat-dapat sa iyo sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Hindi magiging laban sa iyo ang paghahain ng karaingan o apela, o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado at hindi makakaapekto ang mga ito sa mga serbisyong natatanggap mo. Kapag natapos na ang proseso ng iyong karaingan o apela, aabisuhan ka ng Partnership at gayundin ang mga provider at magulang/tagapangalaga tungkol sa pinal na resulta. Kapag natapos na ang iyong Patas na Pagdinig ng Estado, aabisuhan ka ng Tanggapan ng Patas na Pagdinig ng Estado at pati ang provider tungkol sa pinal na resulta.

Alamin pa ang tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

## **Makakakuha Ba Ako ng Tulong sa Paghahain ng Isang Apela, Karaingan, o Patas na Pagdinig ng Estado?**

May mga tao ang Partnership na handang magpaliwanag sa iyo ng mga prosesong ito at tulungan ka na iulat ang problema bilang isang karaingan, apela, o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

Maaari ka rin nilang tulungan na magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na 'pinabilis' na proseso, na nangangahulugan na susuriin ito nang mas mabilis dahil nasa peligro ang iyong kalusugan o kalagayan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang iyong provider o tagapagsulong ng paggamot ng substance use disorder. Kung gusto mo ng tulong, tumawag sa Partnership sa (800) 863-4155. Dapat magbigay sa iyo ang Partnership ng anumang naaangkop na tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang hakbang sa pamamaraan na may kaugnayan sa isang karaingan o apela. Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at mga toll-free na numero sa TTY/TDD at kakayahan ng interpreter.

### **Paano kung kailangan ko ng tulong sa paglutas ng problema sa Partnership pero ayokong maghain ng karaingan o apela?**

Makakahingi ka ng tulong mula sa Estado kung nahihirapan ka sa paghahanap ng mga tamang tao sa Partnership upang tulungan kang gamitin ang system.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Ombudsman ng Department of Health Care Services, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga holiday), sa pamamagitan ng telepono sa

**888-452-8609** o sa pamamagitan ng e-mail sa [MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov](mailto:MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov).

**Mangyaring tandaan:** Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga mensahe sa e-mail. Hindi mo dapat isama ang personal na impormasyon sa isang mensahe sa e-mail.

Maaari kang makakuha ng libheng legal na tulong sa opisina ng iyong lokal na legal na tulong o iba pang grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libheng legal na tulong mula sa Yunit ng Pagtatanong ng Publiko at Pagtugon (Public Inquiry and Response Unit):

- Tumwag nang Toll-Free: 1-800-952-5253
- Para sa TTD, tumawag sa: 1-800-952-8349

# 10. Ang Proseso ng Karaingan

## Ano ang isang karaingan?

Ang karaingan ay pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan sa anumang bagay na tungkol sa iyong mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na hindi kabilang sa mga problemang saklaw ng apela at mga proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng karaingan ay:

- Gagamit ng mga simple at madaling maintindihan na pamamaraan na magbibigay-daan sa iyo na ipahayag ang iyong karaingan sa paraang berbal o pagsulat.
- Hindi magiging laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Magbibigay-daan sa iyo na pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o tagapagsulong. Kung pinahintulutan mo ang isang tao na kumilos para sa iyo, posibleng palagdain ka ng Partnership sa isang form para magbigay ang Partnership ng impormasyon sa taong iyon.
- Titiyakin na kwalipikado ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon at hindi sila kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Tutukuyin ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng Partnership at ng provider mo.
- Magbibigay ng kalutasan sa karaingan sa loob ng mga kinakailangang timeframe.

## Kailan ako maaaring maghain ng karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan sa Partnership sa anumang oras kung hindi ka nasiyahan sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na natatanggap mo mula sa mga provider ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership o may ibang alalahanin ka hinggil sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.

## Paano ako maghahain ng karaingan?

Maaari kang tumawag sa iyong Partnership sa (800) 863-4155 para humingi ng tulong

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



sa isang karaingan. Maaaring maghain ng mga karaingan sa paraang berbal o pagsulat. Hindi kailangang sundan ng pagsulat ang mga berbal na karaingan. Kung gusto mong ihain ang iyong karaingan sa pamamagitan ng sulat, magbibigay ang Partnership ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng lugar ng mga provider upang maipadala mo sa koreo ang iyong karaingan. Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala sa koreo ang iyong karaingan nang direkta sa address na nakalagay sa harap ng handbook na ito.

### **Paano ko malalaman kung natanggap ng Partnership ang karaingan ko?**

Kinakailangan ng Partnership na ipaalam sa iyo na natanggap na nito ang iyong reklamo sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng kumpirmasyon sa sulat sa loob ng 5 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap. Hindi kasama rito ang karaingan na natanggap sa telepono o nang personal, na sinang-ayunan mong nalutas bago matapos ang susunod na araw ng negosyo, at maaaring hindi ka na makatanggap ng sulat tungkol dito.

### **Kailan pagpapasyahan ang tungkol sa karaingan ko?**

Dapat gumawa ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw sa kalendaryo mula sa petsa na naghain ka ng iyong karaingan.

Maaaring palawigin ang mga timeframe nang hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung hihiling ka ng pagpapalawig, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Ang isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang isang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong malutas ang iyong karaingan kung may kaunting dagdag na panahon pa ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county para makuha ang impormasyon mula sa iyo o sa ibang taong nauugnay dito.

### **Paano ko malalaman kung nakapagdesisyon na ang Partnership tungkol sa karaingan ko?**

Kapag may desisyon na tungkol sa karaingan mo, aabisuhan ka ng Partnership o ang iyong awtorisadong kinatawan sa pamamagitan ng sulat tungkol sa desisyon. Kung hindi makakapag-abiso ang Partnership sa iyo o sa sinumang apektadong partido tungkol sa desisyon sa karaingan sa tamang panahon, kinakailangan ng Partnership na magbigay sa iyo ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo na nagpapabatid sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kinakailangan ng Partnership na magbigay sa iyo ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo sa petsa na matatapos

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

ng pagtatapos ng timeframe.

**Mayroon bang deadline sa paghahain ng karaingan?**

Maaari kang maghain ng karaingan sa anumang oras.

# 11. Ang Proseso ng Apela (Karaniwan at Pinabilis)

May responsibilidad ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na bigyang-daan kang kwestyunin ang isang desisyon na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na ibinibigay ng isa sa mga provider ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na hindi mo sinasang-ayunan. May dalawang paraan para makahiling ka ng pagsusuri.

Ang isang paraan ay ang paggamit ng karaniwang proseso sa mga apela. Ang pangalawang paraan ay sa pamamagitan ng paggamit ng pinabilis na proseso sa mga apela. Magkapareho ang dalawang uring ito ng pag-apela; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan upang maging kuwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ipinaliliwanag sa ibaba ang mga partikular na kinakailangan.

## Ano ang karaniwang apela?

Ang karaniwang apela ay isang kahilingan para suriin ang isang problema mo sa Partnership o sa iyong provider na kinauugnayan ng pagtanggì o mga pagbabago ng mga serbisyo na sa palagay mo ay kailangan mo. Kung hihiling ka ng karaniwang apela, maaaring abutin ang Partnership nang hanggang 30 araw sa kalendaryo para masuri ito. Kung sa palagay mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay nang 30 araw sa kalendaryo, dapat kang humiling ng pinabilis na apela.

Ang proseso ng karaniwang apela ay:

- Magbibigay-daan sa iyo na maghain ng apela nang personal, sa telepono, o sa pagsulat.
- Titiyakin na magiging laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan ang paghahain ng apela.
- Magbibigay-daan sa iyo na pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o tagapagsulong. Kung pahihintulutan mo ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaaring palagdain ka ng Partnership sa isang form na nagpapahintulot sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

- Magbibigay-daan sa pagpapatuloy ng iyong mga benepisyong kapag humiling ng apela sa loob ng kinakailangang timeframe, na 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa na natatakan ng koreo ang iyong Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyong o personal itong naibigay sa iyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyong ipinagpapatuloy habang nakabinbin ang apela. Kung humili ka ng pagpapatuloy ng benepisyong, at kinukumpirma ng pinal na desisyon sa apela ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ipinagkaloob habang nakabinbin ang apela.
- Titiyakin na kwalipikado ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon at hindi sila kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Magbibigay-daan sa iyo o sa iyong kinatawan na masuri ang file ng iyong kaso, kabilang ang iyong medikal na rekord, at anumang iba pang dokumento o rekord na isinaalang-alang sa proseso ng apela, bago at sa panahon ng proseso ng apela.
- Magbibigay-daan sa iyo na magkaroon ng makatwirang pagkakataon na ipakita ang mga ebidensya at alegasyon ng katotohanan o batas, nang personal o sa pamamagitan ng sulat.
- Magbibigay-daan sa iyo, sa iyong kinatawan, o sa legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na benepisyaryo na makasama bilang partido sa pag-apela.
- Magpapabatid sa iyo na sinusuri na ang iyong apela sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng kumpirmasyon sa sulat.
- Magbibigay-alam sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

### **Kailan ako maaaring maghain ng apela?**

Maaari kang maghain ng apela sa Partnership:

- Kung magpasya ang Partnership o ang isa sa mga provider na kinontrata ng Partnership na hindi ka kwalipikadong makatanggap ng anumang serbisyo ng paggamot ng Medi-Cal sa substance use disorder dahil hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan sa pag-access.
- Kung sa palagay ng provider mo ay kailangan mo ng serbisyo ng paggamot sa substance use disorder at nagpaapruba ito sa Partnership, ngunit hindi sumasang-ayon ang Partnership at tinanggihan nito ang kahilingan ng iyong provider, o binago nito ang uri o dalas ng serbisyo.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

- Kung nagpaapruba ang iyong provider sa Partnership, ngunit kailangan ng Partnership ng karagdagang impormasyon upang makapagdesisyon at hindi nito nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Kung hindi nagbigay ang Partnership ng mga serbisyo sa iyo ayon sa mga timeline na itinakda ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.
- Kung sa palagay mo ay hindi nagkakaloob kaagad ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang iyong karaingan, apela o pinabilis na apela.
- Kung hindi kayo sumasang-ayon ng iyong provider sa mga serbisyo sa substance use disorder na kailangan mo.

### **Paano ako makakapaghain ng apela?**

Maaari kang tumawag sa walang bayad na numero ng telepono ng Partnership upang humingi ng tulong sa paghahain ng apela. Magbibigay ang Partnership ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng lugar ng provider para maipadala mo sa koreo ang iyong apela. Maaaring maghain ng mga apela sa paraang berbal o pagsulat. Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala ang iyong apela nang direkta sa address sa harap ng handbook na ito o maaari mong isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng pag-access sa website ng Partnership sa PartnershipHP.org.

### **Paano ko malalaman kung may pasya na sa aking apela?**

Aabisuhan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership o aabisuhan nito ang iyong kinatawan sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa kanilang desisyon para sa iyong apela. Nakapaloob sa abiso ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas sa apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung hindi ganap na malulutas ang apela nang pabor para sa iyo, ilalagay din sa abiso ang impormasyon tungkol sa iyong karapatan para sa Patas na Pagdinig ng Estado at sa pamamaraan para sa paghahain ng Patas na Pagdinig ng Estado.

### **May deadline ba sa paghahain ng apela?**

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa na nasa Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo. Tandaan na hindi ka palaging

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

makakatanggap ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo. Walang deadline sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo; kung kaya, maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela sa anumang oras.

### **Kailan gagawa ng desisyon tungkol sa apela ko?**

Dapat magpasya ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership sa iyong apela sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula nang matanggap ng Partnership ang iyong kahilingan para sa apela.

Maaaring palawigin ang mga timeframe nang hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung hihiling ka ng pagpapalawig, o kung naniniwala ang Partnership na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Ang isang halimbawa na para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang Partnership na maaari nitong maaprubahan ang iyong apela kung may kaunting dagdag na oras pa ang Partnership para makuha ang impormasyon mula sa iyo o sa iyong provider.

### **Paano kung hindi na ako makapaghihintay nang 30 araw para sa desisyon sa Apela ko?**

Maaaring maging mas mabilis ang proseso sa apela kung kwalipikado ito para sa pinabilis na proseso ng mga apela.

### **Ano ang isang Pinabilis na Apela?**

Ang pinabilis na apela ay mas mabilis na paraan upang magpasya sa isang apela. Sinusunod sa pinabilis na proseso ng mga apela ang katulad na proseso sa karaniwang proseso ng mga apela. Gayunpaman, dapat mong ipakita na maaaring magpalala sa kundisyon ng substance use disorder mo ang paghihintay para sa isang karaniwang apela. Sinusunod din sa pinabilis na proseso ng apela ang mga deadline na iba sa karaniwang apela. May 72 oras ang Partnership para suriin ang mga pinabilis na apela. Maaari kang magsagawa ng berbal na kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo kailangang isulat ang iyong kahilingan para sa pinabilis na apela.

### **Kailan ako maaaring maghain ng Pinabilis na Apela?**

Kung sa palagay mo ay magdudulot ang paghihintay nang hanggang 30 araw sa kalendaryo para sa desisyon sa karaniwang apela ng panganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang matamo, mapanatili o mabawi ang pinakamagandang kundisyon, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng apela. Kung sumasang-ayon ang Partnership na natutugunan ng iyong apela mga kinakailangan para sa

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

pinabilis na apela, lutasin ng Partnership ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras matapos matanggap ng Partnership ang apela.

Maaaring palawigin ang mga timeframe nang hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung hihiling ka ng pagpapalawig, o kung naniniwala ang Partnership na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Kung papalawigin ng Partnership ang mga timeframe, magbibigay sa iyo ang Partnership ng nakasulat na paliwanag tungkol sa kung bakit pinalawig ang mga timeframe.

Kung magpasya ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na hindi kwalipikado ang iyong apela para sa pinabilis na apela, dapat gawin ng Partnership ang mga naaangkop na pagsisikap para makapagbigay sa iyo ng maagang berbal na abiso at dapat itong mag-abiso sa iyo sa sulat sa loob ng 2 araw sa kalendaryo para ipabatid sa iyo ang dahilan ng desisyon. Susundin sa iyong apela ang mga timeframe sa karaniwang apela na nauna nang binalangkas sa seksyong ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Partnership na hindi natutugunan ng iyong apela ang pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kang maghain ng karaingan.

Kapag nalutas na ng Partnership ang iyong pinabilis na apela, aabisuhan ka ng Partnership at gayundin ang lahat ng apektadong partido nang berbal at sa pamamagitan ng pagsulat.

# 12. Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado

## Ano ang Patas na Pagdinig ng Estado?

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang hiwalay na pagsusuri na isinagawa ng California Department of Social Services upang matiyak na natanggap mo ang mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na karapat-dapat sa iyo sa ilalim ng programang Medi-Cal. Maaari ka ring bumisita sa California Department of Social Services sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa mga karagdagang mapagkukunan.

## Ano ang aking mga karapatan sa Patas na Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang karapatan na:

- Magkaroon ng isang pagdinig sa harap ng California Department of Social Services (tinatawag ding Pagdinig ng Estado).
- Masabihan tungkol sa kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Masabihan tungkol sa mga panuntunan na nangangasiwa sa pagkatawan sa Patas na Pagdinig ng Estado.
- Maipagpatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling mo sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hihiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang timeframe.

## Kailan ako maaaring maghain ng isang Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain ng isang Patas na Pagdinig ng Estado:

- Kung natapos mo na ang proseso ng apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



- Kung magpasya ang Partnership o ang isa sa mga provider na kinontrata ng Partnership na hindi ka kwalipikadong makatanggap ng anumang serbisyo ng paggamot ng Medi-Cal sa substance use disorder dahil hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan sa pag-access.
- Kung sa palagay ng provider mo ay kailangan mo ng serbisyo ng paggamot sa substance use disorder at nagpaapruba ito sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, ngunit hindi sumasang-ayon ang Partnership at tinanggihan nito ang kahilingan ng iyong provider, o binago nito ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung nagpaapruba ang iyong provider sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, ngunit kailangan ng Partnership ng karagdagang impormasyon upang makapagdesisyon at hindi nito nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Kung hindi nagbigay ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng mga serbisyo sa iyo ayon sa mga timeline na itinakda ng county.
- Kung sa palagay mo ay hindi nagkakaloob kaagad ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang iyong karaingan, apela o pinabilis na apela.
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na kailangan mo.
- Kung hindi nalutas sa tamang panahon ang iyong karaingan, apela o pinabilis na apela.

### **Paano ako hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?**

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online sa: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento para sa kapakanan ng county sa address na ipinapakita sa Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo, o sa pamamagitan ng fax o ipadala ito sa koreo sa:

California Department of Social Services State Hearings Division  
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

O sa pamamagitan ng Fax sa **916-651-5210** o sa **916-651-2789**.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

Maaari ka ring humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado, nang walang bayad, sa **800-743-8525** o sa **855-795-0634**, o tumawag sa linya ng Pagtatanong at Pagtugon sa Publiko, nang walang bayad, sa **800-952-5253** o sa TDD sa **800-952-8349**.

### **May deadline ba sa paghahain ng Patas na Pagdinig ng Esytado?**

Mayroon ka lang 120 araw sa kalendaryo upang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Nagsisimula ang 120 araw mula sa petsa na nakasulat sa abiso ukol sa desisyon sa apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership.

Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Abiso, maaari kang maghain ng Patas na Pagdinig ng Estado sa anumang oras.

### **Maaari ba akong magpatuloy sa mga serbisyo habang naghihintay ako ng desisyon sa Patas na Pagdinig ng Estado?**

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng paggamot at gusto mong ipagpatuloy ang iyong paggamot habang umaapela ka, dapat kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na natatakan ng koreo o naihatid sa iyo ang abiso ukol sa desisyon sa apela O bago ang petsa na sinasabi ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na mahihinto o mababawasan ang mga serbisyo. Kapag humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na matanggap ang iyong paggamot. Dagdag pa rito, hindi mo kailangang bayaran ang mga serbisyong natanggap habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

Kung hihiling ka ng pagpapatuloy ng benepisyo, at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ipinagkaloob habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

### **Kailan magkakaroon ng desisyon tungkol sa aking Patas na Pagdinig ng Estado?**

Pagkatapos mong humiling Patas na Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ang iyong kaso at makapagpadala sa iyo ng sagot.

### **Maaari ba Akong Makakuha Nang Mas Mabilis ng Patas na Pagdinig ng Estado?**

Kung sa palagay mo ay makasasama sa iyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

katagal, maaari kang makatanggap ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Hilingin sa iyong general practitioner o iba pang provider na sumulat ng liham para sa iyo. Maaari ding ikaw mismo ang sumulat ng isang liham. Dapat ipaliwanag nang mabuti sa liham kung gaano lubhang maaapektuhan ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o maibalik ang mabuting kundisyon nang dahil sa paghihintay nang hanggang 90 bago mapagpasyahan ang kaso mo. Pagkatapos, tiyaking hihiling ka ng “pinabilis na pagdinig” at ibigay mo ang liham na naglalaman ng kahilingan mo para sa pagdinig. Susuriin ng State Hearings Division ng Department of Social Services ang iyong kahilingan para sa pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at pagpapasyahan nito kung kwalipikado ito. Kung inaprubahan ang iyong kahilingan sa pinabilis na pagdinig, gaganapin ang pagdinig at ilalabas ang desisyon sa pagdinig sa loob ng 3 araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng State Hearings Division ang iyong kahilingan.

# 13. Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Programa ng Medi-Cal

## May magagamit bang transportasyon?

Kung nahihirapan kang pumunta sa iyong mga medikal na appointment o mga appointment para sa paggamot sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, makatutulong sa iyo ang programa ng Medi-Cal na maghanap ng transportasyon. Maaaring maglaan ng transportasyon para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na walang makuhang transportasyon para sa sarili nila at may medikal na pangangailangan na makatanggap ng ilang partikular na serbisyo ng Medi-Cal. May dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Ang nonmedical na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan upang makarating sa kanilang appointment.
- Ang nonemergency na medikal na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga taong hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Magagamit ang transportasyon para sa mga biyahe papunta sa parmasya o upang kunin ang mga kinakailangang medikal na supply, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan. Para sa karagdagang impormasyon at tulong hinggil sa transportasyon, makipag-ugnayan sa Partnership.

Kung mayroon kang Medi-Cal ngunit hindi ka nakatala sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga at kailangan mo ng nonmedical na transportasyon sa isang serbisyon may kaugnayan sa kalusugan, maaari kang makipag-ugnayan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng Partnership para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa Partnership, itatanong sa iyo ang impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment. Kung kailangan mo ng non-emergency na medikal na

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

transportasyon, maaaring magpakuha ang iyong provider ng nonemergency na medikal na transportasyon at ipakausap sa iyo ang Partnership upang ikoordina ang iyong sasakyan papunta at mula sa iyong (mga) appointment.

### **Ano ang mga serbisyong pang-emergency?**

Saklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras kada araw at 7 araw kada linggo. Kung sa palagay mo ay mayroon kang emergency na may kaugnayan sa kalusugan, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.

Ang mga Serbisyong Pang-emergency ay mga serbisyong ibinibigay para sa isang hindi inaasahang medikal na kalagayan, kabilang ang psychiatric na pang-emergency na medikal na kundisyon.

Mayroong isang pang-emergency na medikal na kundisyon kapag mayroong kang mga sintomas na nagdudulot ng malubhang pananakit o malubhang karamdaman o pinsala, na sa pananaw ng isang maalam na karaniwang tao (isang maingat na non-medical na tao), ay makatwirang humantong sa mga sumusunod kung hindi mabibigyan ng medikal na pangangalaga:

- Maglagay sa iyong kalusugan sa malubhang panganib, o
- Kung buntis ka, maglagay sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol sa malubhang panganib, o
- Magdulot ng malubhang panganib sa paggana ng iyong katawan, o
- Magdulot ng malubhang panganib sa alinmang organ o bahagi ng katawan.

May karapatan kang gumamit ng alinmang ospital sa kaso ng emergency. Hindi kailanman nanghihingi ng paunang pahintulot sa mga serbisyong pang-emergency.

### **Kailangan ko bang magbayad para sa Medi-Cal?**

Maaaring kailanganin mong bayaran ang Medi-Cal depende sa halaga ng pera na natatanggap mo o kinikita mo bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limit ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang bayaran ang mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay mahigit sa mga limit ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, may halaga ka na kakailanganin mong bayaran para sa iyong mga serbisyo ng medikal na paggamit o paggamot sa substance use disorder. Tinatawag na 'bahagi ng gastos' mo ang halaga na babayaran mo. Kapag nabayaran mo na ang iyong 'bahagi ng gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

natira sa iyong mga saklaw na medikal na bayarin para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastusing medikal, wala kang dapat bayaran.

- Maaaring kailanganin mong bayaran ang 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na babayaran mo ang halagang mula sa sariling bulsa sa tuwing kukuha ka ng serbisyong medikal o pupunta ka sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong magbayad para sa co-payment.

### **Kanino ako makikipag-ugnayan kung nakakaisip ako ng pagpapakamatay?**

Kung ikaw o ang isang tao na kilala mo ay nasa krisis, mangyaring tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa <https://988lifeline.org/>.

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa isang krisis at upang ma-access ang mga lokal na programa sa kalusugan ng pag-iisip, mangyaring tumawag sa

- Humboldt County: (707) 445-7715
- Lake County: (855) 587-6373
- Lassen County: (888) 530-8688
- Mendocino County: (800) 555-5906  
(707) 472-2304 (Ukiah)
- Modoc County: (800) 699-4880  
(530) 233-6312
- Shasta County: (530) 225-5252  
(888) 385-5201
- Siskiyou County: (800) 842-8979
- Solano County: (707) 428-1131
- Butte County: (800) 334-6622
- Colusa County: (888) 793-6580
- Glenn County: (800) 507-3530
- Nevada County: (530) 265-5811
- Placer County: (916) 787-8808  
(888) 866-5401
- Plumas County: (530) 283-6307  
(800) 757-7898
- Sierra County: (800) 840-8418
- Sutter County: (530) 673-8255  
(888) 923-3800
- Tehama County: (800) 240-3208

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](https://PartnershipHP.org)

- Yuba County: (530) 673-8255  
(888) 923-3800
- Del Norte: (707) 464-7224  
(888) 446-4408
- Trinity: (530) 623-5708  
(530) 623-1362  
(888) 624-5820
- Sonoma: (800) 746-8181  
(855) 587-6373
- Yolo: (888) 965-6647
- Napa: (707) 253-4711
- Marin: (415) 473-6666

**Saan ako maaaring pumunta para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal?**

Pumunta sa pahina ng Mga Benepisyaryo sa website ng Department of Health Care Services para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx>

# 14. Paunang Tagubilin

## Ano ang paunang tagubilin?

May karapatan kang magkaroon ng paunang tagubilin. Ang isang paunang tagubilin ay nakasulat na tagubilin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyong nagsasabi kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o sinasabi rito kung anong mga desisyon ang nais mong magawa, kung o kapag hindi ka na makapagsalita para sa iyong sarili. Kung minsan, maaari mong marinig na inilalarawan ang isang paunang tagubilin bilang isang living will o matibay na power of attorney.

Tinutukoy ng batas ng California ang isang paunang tagubilin bilang alinman sa pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan ng indibidwal o isang power of attorney (isang nakasulat na dokumentong nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na magdesisyon para sa iyo). Hinihingi sa lahat ng programa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery Systems na magkaroon ng mga patakaran sa paunang tagubilin. Kailangang magbigay ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang tagubilin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System at ng paliwanag tungkol sa batas ng estado, kung hinihingi sa kanila ang impormasyong ito. Kung nais mong hingin ang impormasyon, dapat kang tumawag sa Partnership para sa karagdagang impormasyon.

Idinisenyo ang paunang tagubilin upang bigyang-daan ang mga tao na magkaroon ng kontrol sa sarili nilang paggamot, lalo na kapag hindi na nila kayang magbigay ng mga tagubilin tungkol sa sarili nilang pangangalaga. Isa itong legal na dokumento na nagbibigay-daan sa mga taong magsabi, nang maaga, kung ano ang mga kahilingan nila kung hindi na sila makakagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tumanggap o tumanggi sa medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang isang paunang tagubilin:

- Ang paghirang mo ng isang kinatawan (isang tao) na magdedesisyon sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Iyong mga indibidwal na tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang kumuha ng form para sa isang paunang tagubilin mula sa Partnership o online. Sa California, may kang karapatang magbigay ng mga tagubilin sa paunang

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)



tagubilin sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang tagubilin anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang tagubilin, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice

Attn: Public Inquiry Unit,

P. O. Box 944255

Sacramento, CA 94244-2550

# 15. Mga Karapatan at Responsibilidad ng Benepisyaryo

## **Ano ang mga karapatan ko bilang tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Bilang isang taong kwalipikadong makatanggap ng Medi-Cal at naninirahan sa isang county na nakikilahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, may karapatan kang makatanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyo ng paggamot sa substance use disorder mula sa isang provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Mayroon kang karapatan na:

- Magamot nang may paggalang, kung saan nagbibigay ng naaangkop na konsiderasyon sa iyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangan na mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga magagamit na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipinahayag sa paraang naaangkop sa kundisyon ng Benepisyaryo at sa kakayahan niyang makaunawa.
- Makibahagi sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga para sa iyong substance use disorder, kabilang ang karapatan na tumanggi sa paggamot.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyong magagamit nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, kapag medikal na kinakailangan para gamutin ang isang kondisyong pang-emergency o isang pang-akaran o kritikal na kondisyon.
- Matanggap ang impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, iba pang obligasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, at iyong mga karapatan na gaya ng inilalarawan dito.
- Maprotektahan ang iyong kompidensyal na impormasyon ng kalusugan.
- Humiling at makatanggap ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na mabago o maitama ang mga ito kung kinakailangan.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

- Makatanggap ng mga nakasulat na babasahin sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking naka-print na letra, at audio) kapag hiniling at sa tamang panahon na angkop para sa format na hinihiling.
- Makatanggap ng mga nakasulat na babasahin sa mga wikang ginagamit ng hindi bababa sa limang porsyento o 3,000 sa mga benepisyaryo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, alinman ang mas kaunti.
- Makatanggap ng mga serbisyo ng oral na pagsasalin para sa gusto mong wika.
- Makatanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder mula sa isa sa mga nakontratang provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na sumusunod sa mga kinakailangan sa kontrata nito sa Estado sa mga usapin ng availability ng mga serbisyo, pagtiyak ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at awtorisasyon ng mga serbisyo.
- Ma-access ang Mga Serbisyo na May Pahintulot ng Menor de Edad kung isa kang benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang.
- Ma-access ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na wala sa network sa tamang panahon kung walang nakakontratang provider ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership na makapagbibigay ng mga serbisyo. Nangangahulugan ang “provider na wala sa network” na isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership. Dapat tiyakin ng Partnership na wala kang dagdag na babayaran sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa miyembro ng Partnership sa (800) 863-4155 para sa impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.
- Humiling ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng Partnership, o sa isang nasa labas ng network, nang wala kang dagdag na babayaran.
- Maghain ng mga karaingan, sa paraang berbal man o sa pagsulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Humiling ng apela, sa paraang berbal man o sa pagsulat, pagkatanggap ng Abiso Ukol sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyaryo, kabilang ang impormasyong tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang isang pinabilis na apela.
- Humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

paghihiganti.

Maging malaya sa pandiskrimina na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nagkakaroon ng masamang epekto sa kung paano ka pakitunguhan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, mga provider, o ng Estado.

### **Ano ang mga responsibilidad ko bilang tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?**

Bilang tumatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, responsibilidad mong:

- Basahin nang mabuti ang mga babasahing nagbibigay ng impormasyon sa benepisyaryo na natanggap mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership. Matutulungan ka ng mga babasahing ito na maunawaan kung aling mga serbisyo ang makukuha at paano makakakuha ng paggamot kung kailangan mo nito.
- Pumunta sa iyong paggamot ayon sa nakaiskedyul. Makukuha mo ang pinakamagandang resulta kung nakikipagtulungan ka sa iyong provider sa buong paggamot. Kung hindi mo mapupuntahan ang isang appointment, tumawag sa iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras nang maaga at magpalipat ng iskedyul sa ibang araw at oras.
- Dalhin palagi ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at photo ID kapag nagpapagamot ka.
- Ipabatid sa iyong provider kung kailangan mo ng isang interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kung mas maraming kumpletong impormasyon ang ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas lalong magtatagumpay ang paggamot sa iyo.
- Tiyakin na itatanong sa iyong provider ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na ganap mong naiintindihan ang impormasyon na natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Magkaroon ng matibay na ugnayan para sa pakikipagtulungan sa provider na gumagamot sa iyo.
- Makipag-ugnayan sa Partnership kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo malutas. Sabihin sa iyong provider at sa Partnership kung mayroon kang anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa PartnershipHP.org

makakaapekto sa kakayahan mong makibahagi sa paggamot.

- Pakitunguhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga tauhan na nagbibigay ng paggamot sa iyo.
- Kung may pinaghihinalaan kang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
  - Hinihiling ng Department of Health Care Services sa sinumang may pinaghihinalaang pandaraya, pagsasayang, o pang-aabuso sa Medi-Cal na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa palagay mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at maaaring panatilihing anonymous ang tumatawag.
  - Maaari ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang pandaraya o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa [fraud@dhcs.ca.gov](mailto:fraud@dhcs.ca.gov) o maaari mong gamitin ang online na form sa website ng DHCS: <https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>

# 16. Paglipat ng Pangangalaga Kahilingan

**Kailan ako maaaring humiling na panatilihin ang aking dati at kasalukuyang provider na wala sa network?**

- Kapag nakasali na sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership, maaari mong hilingin na panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng partikular na panahon kung:
  - Magresulta ang paglipat sa isang bagong provider sa malubhang pinsala sa iyong kalusugan o mapapataas nito ang posibilidad na maipasok ka sa ospital o institusyon; at
  - Tumatanggap ka ng paggamot mula sa provider na wala sa network bago ang petsa ng iyong paglipat sa isang county na nasa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership (Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, Solano).

**Paano ko mahihiling na panatilihin ang aking provider na wala sa network?**

- Maaari kang magsumite, o maaaring magsumite ang iyong mga awtorisadong kinatawan o ang kasalukuyan mong provider ng nakasulat na kahilingan sa Partnership. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa miyembro ng Partnership sa (800) 863-4155 para sa impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.
- Magpapadala ang Partnership ng nakasulat na kumpirmasyon sa pagtanggap ng iyong kahilingan at sisimulan nito na iproseso ang iyong kahilingan sa loob ng tatlong (3) araw ng trabaho.

**Paano kung patuloy akong magpatingin sa aking provider na wala sa network pagkatapos lumipat sa**

**Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership?**

- Maaari kang humiling ng may bisa sa nakaraan na kahilingan sa paglipat ng pangangalaga sa loob ng tatlong (30) araw sa kalendaryo mula

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

nang matanggap ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.

### **Bakit tatanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?**

- Maaaring tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership ang iyong kahilingan na panatilihin ang iyong dati, at ngayon ay wala na sa network na provider, kung:
  - Naidokumento ng Partnership ang mga isyu sa kalidad ng pangangalaga sa provider.

### **Ano ang mangyayari kung tinanggihan ang kahilingan ko sa paglipat ng pangangalaga?**

- Kung tatanggihan ng Partnership ang paglipat ng pangangalaga mo, ito ay:
  - Mag-aabiso sa iyo sa pamamagitan ng sulat;
  - Mag-aalok sa iyo ng kahit isa man lang na alternatibong provider na nasa network na nag-aalok ng antas ng mga serbisyo na gaya sa provider na wala sa network; at
  - Magpapatid sa iyo ng iyong karapatan na maghain ng karaingan kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtanggihan.
- Kung mag-aalok sa iyo ang Partnership ng maraming alternatibong provider na nasa network at hindi ka pumili, ire-refer o itatalaga ka ng Partnership sa isang provider na nasa network at aabisuhan ka nito tungkol sa referral o pagtatalagang iyon sa pamamagitan ng sulat. Kung tatanggihan ang provider na wala sa network na tanggapin ang mga rate ng kontrata ng Partnership o mga rate ng Partnership para sa (mga) naaangkop na serbisyo ng DMC-ODS o kung hindi kasalukuyang provider na certified ng Drug Medi-Cal ang provider na wala sa network.

### **Ano ang mangyayari kung naaprubahan ang kahilingan ko sa paglipat ng pangangalaga?**

- Sa loob ng pitong (7) araw ng pag-apruba sa iyong kahilingan sa paglipat ng pangangalaga, ibigay sa iyo ng Partnership ang:
  - Ang pag-apruba sa kahilingan;
  - Ang tagal ng pagsasaayos sa paglipat ng pangangalaga;
  - Ang gagawing proseso upang mailipat ang iyong pangangalaga sa pagtatapos ng panahon ng pagpapatuloy ng pangangalaga; at
  - Ang iyong karapatan na pumili ng ibang provider mula sa aming network ng provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Partnership sa anumang oras.

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)

**Gaano kabilis na maipoproseso ang kahilingan ko sa paglipat ng pangangalaga?**

- Makukumpleto ng Partnership county ang pagsusuri nito sa iyong kahilingan sa paglipat ng pangangalaga sa loob ng tatlung (30) araw sa kalendaryo mula sa petsa na natanggap ng Partnership county ang iyong kahilingan.

**Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng panahon ng paglipat ng pangangalaga ko?**

- Aabisuhan ka ng Partnership sa pamamagitan ng sulat tatlung (30) araw sa kalendaryo bago ang pagtatapos ng panahon ng paglipat ng pangangalaga tungkol sa proseso na gagawin upang malipat ang iyong pangangalaga sa isang provider na nasa network sa pagtatapos ng panahon ng paglipat ng pangangalaga.



**Partnership HealthPlan of California**  
Drug Medi-Cal Organized Delivery System  
Programa sa Kalusugan at Paggaling  
**PartnershipHP.org**



BH036\_122223

---

Para sa mga serbisyo sa substance use disorder, tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **(855) 765-9703** (TTY (800) 735-2929 o 711). Available 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Bisitahin kami online sa [PartnershipHP.org](http://PartnershipHP.org)  
Pahina **65** ng **65**